BATINGAW
DIARYO NG MASA PARA SA KAUNLARAN

TAON 9, BLG. 8 DAET, CAMARINES NORTE PEBRERO 2010
"Entered as Second Class Mail at Daet Postal Office, Daet, Cam.. Norte"
**Website:** http:///www.camarinesnorte.gov.ph **E-mail:** cao_cnorte@yahoo.com

# CNorte kampeon sa Palarong Bicol 2010

Ang Camarines Norte ang tinanghal na kampeon sa **Palarong Bicol 2010** na idinaos simula Enero 30-Pebrero 6, 2010 sa mag-kakahiwalay na lugar tulad ng *Camarines Norte Eco-Athletic Field, Camarines Norte Agro-Sports and Cultural Center (CNASCC)* ng Kapitolyo Probinsyal, at sa *Central Plaza Mall Atrium, Central Plaza Mall*, Brgy. Lag-on, Daet.

Tinanggap ng Lalawigan ng Camarines Norte ang tropeo ng kampeonato at *certificate of commendation* sa *closing and awarding ceremonies* na idinaos noong Pebrero 6, 2010 sa *Eco-Athletic Field/DepEd Grandstand*, Daet, Camarines Norte. Ito ay pinangunahan nina *Schools Division Superintendent* Arnulfo M. Balane, *Ph.D.*; *Asst. Schools Division Supt.* Alice T. Angeles, Ph.D.; Mr. Conrado A. Rempillo, *ES I PESS*, at; Mr. Teodoro Ong, *Division Sports Coordinator*.

Sa kabuuan, nakakuha ng 519 puntos ang delegasyon ng Camarines Norte mula sa iba't-ibang kategorya ng panrehiyong palaro na kinabibilangan ng *archery, athletics, badminton, baseball, basketball, boxing, chess, sipa takraw, soccer, table tennis, tennis, volleyball*, maliban sa iba pa.

Nangibabaw ang husay, galing at determinasyon ng mga atleta ng Camarines Norte sa naturang palaro kumpara sa 12 pang kalahok

(Sundan sa pahina 9)

## nasa loob

EDITORYAL 4
PIKTORYAL 7




***Nagbigay ng aktibong suporta si Gob. Jesus O. Typoco, Jr. sa mga atleta ng Camarines Norte sa ginanap na pagbubukas ng Palarong Bikol dito kung saan itinanghal na over-all champion ang lalawigan na ginanap sa iba't-ibang sports venue dito sa Camarines Norte.***






# Iba't-ibang aktibidad isinagawa kaugnay ng Palarong Bicol 2010

Ang *opening program* ng Palarong Bicol 2010 na idinaos noong Enero 31, 2010 sa ganap na ika-1:30 sa Eco-Athletic Field, Daet ay nakatuon sa temang, *"Sports: An Avenue for a Productive and Morally Uprigth Youth"*. Ito ang nagsilbing hudyat sa pagsisimula rito ng panrehiyong aktibidad na taun-taong isinasagawa upang makapili ng mga pinakamahusay na atleta na siya namang isasali sa Palarong Pambansa.

Una rito, idinaos muna ang isang banal na misa sa St. John the Baptist Church, Daet sa ganap na ika-9 ng umaga. Ang may 13 delegasyon sa Palarong Bicol 2010 ay nag-ipun-ipon *(assembly)* sa Eco-Athletic Field sa ika-12 ng hapon, at saka nagparada bandang ika-1:00 ng hapon sa nasabing lugar.

Matatandaan na isinagawa noong Enero 29 ang *2nd Regional Literary, Musical and Folk Dance Contests* sa *Camarines Norte Agro-Sports and Cultural Center (CNASCC)*. Naging pangkalahatang kampeon dito ang Camarines Sur na nanguna sa *declamation*; pumangatlo sa *banduria* at *folk dance contests (elementary level)*; pumangalawa sa *folk dance* at pumangatlo naman sa *solo voice (female, secondary level)*.

Naging *1st runner-up* dito ang Iriga City na nakuha ang unang puwesto sa *folk dance (elem. at secondary levels)* at pumangalawa sa *solo voice (male, secondary level)*. Pumangatlo rito ang Camarines Norte na nakuha ang unang

(Sundan sa pahina 8)

# Ika-90th anibersaryo ng lalawigan, 6th Bantayog Festival isasagawa; mga programa at gawain inihahanda na

Bilang paghahanda sa ika-90 taong anibersaryo ng pagkakatatag ng Lalawigan ng Camarines Norte, isang pulong ang isasagawa sa Marso 3, sa ganap na ika-1:00 ng hapon sa *Provincial Capitol*. Ang nasabing okasyon ay kaugnay ng pagdiriwang ng *90th Founding Anniversary ng Camarines Norte* sa pamamagitan ng 6th Bantayog *Festival* sa Abril 15, 2010.

Ang pagpaplano ng iba't-ibang aktibidad sa anibersaryo ng lalawigan ay pangungunahan ni Gob. Jesus O. Typoco, Jr. bilang *chairman* ng *executive committee* katuwang ang mga *co-chairmen* na sina Bokal Pamela Pardo-Pujalte, *Tourism Officer-Designate* Edgardo R. Reyes at *Engr.* Gerardo G. Quiñones.

Dadalo rin sa pulong ang mga miyembro ng *executive committee* na kinabibilangan ng lahat na Bokal ng Sangguniang Panlalawigan (SP), 12 punong bayan, lahat ng *chairman* ng *working committees* at ng mga komitiba ng iba't-ibang aktibidad.

Samantala, partikular na pag-uusapan sa miting ang petsa at lugar kung saan isasagawa ang mga sumusunod na aktibidad: Bantayog *Tourism and Trade Fair; Family Entertainment Plaza;* Kaogmahan sa Bagasbas; *CAT Competition*; Bagasbas *Summer Surf; DBC/DLC Competition*; *Search for Miss Camarines Norte; Street Dancing Competition; Tribute to the Local Revolutionary Heroes; RC Airplane Competition*; Bantayog *Cycling Run; Fireworks Display; Photo Shoot;* Bantayog *Fun Run*; Bantayog *Beach Dance; Art Exhibit; Surfing Festival*, at; *Grand Festival Parade*. **LT IBASCO**

# Screening para sa libreng medical treatment gagawin dito


Tatlong (3) *medical doctors* mula sa Mabuhay *Deseret Foundation* ang nakatakdang dumating sa lalawigan para sa 3-araw na *medical screening* dito simula sa Miyerkules, Marso 3 at hanggang sa Biyernes, Marso 5, 2010. Ito ay isasagawa nila sa *Audio-Visual Production Center (AVPC), 3rd floor annex, Provincial Capitol*, at sa may harapan ng *Provincial Museum*, para sa mga hirap kumilos ó may problema sa pagkilos.

Ang mga pasyenteng makapapasa sa isasagawa nilang *medical screening* ay bibigyan ng libreng *board and lodging*, at *medical treatment* sa mga ospital na katuwang nila sa naturang *humanitarian project* kagaya ng *St. Luke's Medical Center, Fatima Medical Center, East Avenue Medical Center*, maliban sa iba pa.

Matatandaan din na ang nabanggit na *foundation* ay una nang nakipag-ugnayan sa *Provincial Social Welfare and Development Office (PSWDO)* para sa kanilang nasabing *humanitarian project* dito. Ang *PSWDO* ay pinamumunuan ni *Provincial Social Welfare and Devt. Officer* Lorna C. de Claro.

Ang Mabuhay *Deseret Foundation* ay isang organisasyon na magbibigay ng libreng *medical treatment* sa mga mahihirap na mamamayan ng Camarines Norte na mayroong *clubfoot, post polio, cleft lip/palate, cataracts, crossed eyes, burn contractures* ó nangangailangan ng artipisyal na binti na nasa ibabang bahagi ng tuhod. Ito ay pinamumunuan ng kanilang *medical director* na si Ms. Ma. Teresita A. Redrino.

Ang mga interesadong mabigyan ng libreng serbisyo-medikal ay pinayuhang punan ang porma ng *referral card* ng *foundation* at ipadala ito kasama ang 2 kopya ng larawang *3R* ang sukat. Ang kanilang tanggapan ay nasa 127 14th Avenue, Cubao, Quezon City, at/ó maaari ring tumawag sa kanilang telepono Blg. 912-1681 at hanapin si Ms. Terry Redrino. Pinayuhan din sila na makipag-ugnayan sa PSWDO para makakuha ng naturang porma. ***LT IBASCO***




# Anibersaryo ng kapanganakan ni Lukban ginunita



**VICENTE R. LUKBAN**

Ipinalabas kamakailan ng Tanggapan ng Punong Panlalawigan ang Atas Tagapagpaganap Blg. 2010-05 sa pagdiriwang ng lalawigan ng Camarines Norte sa okasyon ng ika-150 taong anibersaryo ng kapanganakan ni Heneral Vicente Rilles Lukban.

Si Heneral Lukban ay ipinanganak noong Pebrero 11, 1860 sa bayan ng Indan, ngayon ay bayan ng Vinzons. Siya ay isa sa mga bayaning Bikolano na ang kalayaan ng lupang sinilangan ay ipinaglaban noon sa mga mananakop na pwersa ng mga Kastila at Amerikano.


Kaugnay nito, nagsagawa ng isang panayam noong Pebrero 12, 2010 sa ganap na ika-9 ng umaga, 4th floor, St. Ambrose Hall, La Consolacion College, Daet, Camarines Norte. Dinaluhan ito ng mga mag-aaral mula sa mataas na paaralan ng *Moreno Integrated School* at *Camarines Norte State College (CNSC) Laboratory High School*-Abaño Campus, Daet.

Samantala, sa okasyon ng **P**arangal para sa **A**ni ng **Ma**mbulao sa **S**ining **(PAMaS)** Awards Night ng Pamahalaang Bayan ng Jose Panganiban, kinatawan ni Gng. Mary Katherine-Reyes ang kaniyang hepe na si G. Abel C. Icatlo, Museum Curator I ng Sangay ng Museo, Sinupan at Panulukan ng Tanggapan ng Punong Panlalawigan.



Ang PAMaS na dinaluhan ng mga bisita na mula pa sa iba't-ibang bayan ng lalawigan ay isinagawa sa RPJ Stadium, Jose Panganiban noong Pebrero 26, 2010 sa ganap na ika-7 ng gabi. Si Pangalawang Punong Bayan Jing Arriola-Calimlim naman ang nagpasimula ng pagsasagawa ng naturang gabi ng parangal. ***(AIDA B PANDEAGUA)***

# DepEd CNorte handa na sa Palarong Bicol 2010




Ang *Department of Education (DepEd)* katuwang ang Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte ay nagsagawa na ng mga kaukulang paghahanda kaugnay sa Palarong Bicol 2010 na gaganapin dito simula Pebrero 1-5.

Ayon kay G. Condrado Rempillo, *ES I PESS* at *Sports Coordinator*, isasagawa ang mga palaro sa iba't-ibang lugar sa bayan ng Daet gaya ng *Eco-Athletic Field, Division Office, Camarines Norte Agro-Sports and Cultural Center, Camarines Norte State College (CNSC)- Abaño Laboratory School, Wiltan Hotel, Mabini College* at *La Consolacion College of Daet*; gaundin sa *Basud National High School, Labo Sports Plaza, Vinzons Pilot Elementary School*, sa mga bayan ng Basud, Labo at Vinzons, ayon sa pagkakasunod .

Inihayag din ni G. Rempillo na nagsisimula nang dumating dito sa Camarines Norte ang may 12 delegasyong kalahok sa palaro ngayong taon. Ang mga lugar na itinalagang tutuluyan *(billeting centers)* nila ay ang mga susumusunod: 1)Albay - Pandan Elementary School; 2) Camarines Norte - Daet Elementary School, 3) Camarines Sur - Mercedes Central School; 4) Iriga City - Basud National High School; 5) Catanduanes - Mantagbac Elementary School; 6) Iriga City - Basud National High School; 7) Legaspi City - Basud Central School; 8) Ligao City - Talisay Central School; 9) Masbate City - Vinzons Pilot High School; 10) Masbate Province - Vinzons Elementary School; 11) Naga City - Moreno Integrated School; 12) Sorsogon City - Baldovino Elementary School, at; 13) Tabaco City - Alawihao Elementary School. Nakareserba naman ang Gregorio Elementary School, Dogongan Elementary School at San Roque Integrated School sakaling kailanganin ang karagdagang tutuluyan ng mga nabanggit na delegasyon.

Samantala, ang Palarong Bicol 2010 ay pormal na nagbubukas sa Enero 31 sa pamamagitan ng isang parada sa ganap na ika-1 ng hapon, *opening program, field demonstration*, at *Governor's Night*. Una rito, magkakaroon muna ng isang banal na misa sa ganap na ika-9 ng umaga sa *St. John the Baptist Church*, Daet.

Kaugnay nito, ang mga kapulisan dito ay nakahanda na rin kung saan nagtalaga ng karagdagang pulis sa mga lugar na tutuluyan ng mga delegado gayundin sa mga pagdarausan ng mga palaro. Isinailalim na rin sa kaukulang oryentasyon ang mga *tricycle drivers* dito para matiyak nasusunod sila sa tamang singil sa pasahe. ***LT Ibasco***

# G. at Bb. Palaro 2010 idinaos mga nanalo inihayag

Kinoronahan bilang Ginoo at Binibining Palaro 2010 ang 15 taong gulang na sina Gioseppe Alden A. Hilotin ng Sorsogon at Sheena Mae O. San Buenaventura ng Naga City sa Search for Ginoo/Binibining Palaro 2010 na isinagawa noong Enero 30 sa *Camarines Norte Agro-Sports and Cultural Center (CNASCC)*. Sa *Talent Show* na una nang isinagawa kaugnay nito, si Buenaventura rin ay tinanghal bilang *Miss Talent*.

Si Hilotin ng Magallanes National High School, at ang *sports achiever* na si Buenaventura ng Naga College Foundation ang nangibabaw sa mahuhusay rin nilang katunggali mula sa 12 lalawigan at siyudad sa Rehiyong Bikol.

Kasama naman nilang nanalo sa patimpalak ang *1st runners-up* na sina Aram Perez Garbo ng Naga City at Gabriella Pacita M. Furtado ng Iriga City. Si Garbo rin ang napili bilang *best in festival attire*. Tinanghal namang *2nd runners-up* sina Daniel M. Lagatic ng Iriga City at Janine R. Rebosura ng Masbate Province na nanalo rin bilang *Mr.* at *Miss Photogenic*. Nakuha rin ni Lagatic ang titulong *best in barong* at *best in delegation uniform*.

Ang pagpili sa mga nanalo ay pinangunahan ng grupo ng inampalan na kinabibilangan ng mga DepEd-ROV chiefs, schools division superintendents at *top local fashion designers* and *beauty consultants*. Dumalo rin sa naturang 5-oras na kumpetisyon si Dr Orfelina O. Tuy, *Asst. Regional Director*.

Ang kinatawan naman ng *Masbate City* at *Sorsogon Province* na sina John Gilbert Briol at Patricia Nicole Carmela Chua Razo ang naging *3rd runners-up* sa patimpalak. Naiuwi rin ni Razo ang titulong *best in festival attire* at *best in production number*. Tinanghal naman bilang *4th runners-up* sina Saeed Ahmed Tanggo ng Tabaco City na may lahing Arabo, at ang kalahok ng Camarines Norte na si Mary Ross L. Vasquez na napili rin bilang *Miss Congeniality*.

Binigyan naman ng *special award* sina Ms. Camarines Sur Javilyn A. Sinfuego na nakuha ang titulong *best in evening gown*; Ms. Legaspi City Justine Dale R. Reolo, *most eloquent*; Ms. Sorsogon City Blight Z. Echavia, *best in delegation uniform*; Mr. Masbate John Cedrick M. Silvestre, *Mr. Congeniality*; Mr. Ligao City Nathanael B. Ortiz, *best in production number*, at; Mr. Cam. Sur Bryan Yot M. Tan na napili bilang *top sports achiever*.

Sa bahagi ng programa ng *Search for* G./Bb. Palaro, nagbigay ng pampasiglang bilang ang Mabini College, Jose Panganiban National High

(Sundan sa pahina 8)




# RDO Quito ...

(Sundan sa pahina 10)

*paigns, dialogues* at apela sa mga *taxpayers* at *RVAT top taxpayers* na magbayad ng tamang buwis sa takdang panahon ó mas maaga pa. Isusulong din niya ang pagsubaybay sa mga *private withholding agents* gayundin sa mga proyekto ng mga *local government units (LGUs)*, national government agencies (*NGAs)* at *government-owned and controlled corporations* (*GOCCs)*.

Bilang karagdagan, paiigtingin din niya ang pagpapatupad ng iba't-ibang programa lalung-lalo na sa mga hindi nagbabayad ng buwis. Ang kanyang tanggapan ay magsasagawa rin ng *awareness campaigns* upang ipaunawa sa mga kinauukulan na dapat magbayad ng tamang buwis para maipatupad ng pamahalaan ang iba't-ibang programa na tutugon sa pangangailangan ng mga mamamayan. Ipararating din nila sa mga *taxpayers* dito sa Camarines Norte ang mga impormasyon patungkol sa *2010 BIR theme logo - "Making the Public Know"*.

Tututukan din ng kanyang tanggapan ang proyektong "Iboto Mo" kung saan ang mga kakandidato ay kailangang maglaan ng *5% withholding tax* para sa serbisyo at mga *campaign materials*.

Sinabi rin ni RDO Quito na patuloy pa rin ang kanilang programang *Premyo sa Resibo* kung saan ang mga mamimili ay kailangang humingi ng resibo sa tindahan. Ang mga sasali rito ay maaaring manalo ng hanggang 1 milyon , brand new car at consolation prize sa pamamagitan lamang ng isang text. ***RBManlangit***

DON'T BE A LITTERBUG

# EDITORYAL

## Eleksyon na naman!

Kamakailan lamang, ang mga kandidato ay nagsipag-*file* ng kanilang mga *certificates of candidacy* (COC) sa *Commission on Elections*.. Sa simula pa lang, samu't sari nang pakulo ang ginawa upang makatawag-pansin at maipakita raw ang kani-kanilang popularidad at lakas sa masa.

Lahat sila, naghahandog ng diumano'y wagas at totoong paglilingkuran sa ating bayan. Napakagandang pakinggan! Halos kapani-paniwala! Subali't karamihan sa kanila, ay nasubukan na, kabilang dito yung mga bumabalik sa pulitika. Nakapagpakita na ng tunay na mithiin nila - nang kung ano ang kanilang nagawa na o' di pa nagagawa upang diumano'y maipagpatuloy pa. Mayroon ding nagsisimula pa lang, subali't makikita mo na ang tunay na motibo. Para sa ikabubuti ng bayan? O, sa ikabubuti ng kanilang personal na intereses – tulad ng proteksyon ng kanilang mga negosyo, at iba pang makasariling layunin?

Tulad ng mga nauna nang eleksyon, bumabaha ang pera! Binibili ang boto! Isang gawaing yumuyurak sa karangalan at dignidad ng bawa't inaalok nito. Nagbibigay ng P100.00, P200.00, P500.00 at pagkaminsan pa, kung malaking pamilya ka, ay P1,000.00. Ang atin bang pagkatao ay katumbas lamang ng ganitong halaga? Katapat lang ba ng halaga ng manok? Ng bigas? Ganun na ba kadesperado ang ating mga pulitiko at mga "*willing victims*" nito? Atin pong pakatandaan na ang ating karapatan sa pagboto'y napakahalaga! Minsan lang nating maipakikita ang ating kapangyarihan sa pamamagitan ng pagpili ng tamang mamumuno sa atin! Kung pera ang kanilang paiiralin, ito ay tiyak na tiyak na babawiin din sa atin sa pamamagitan ng pagsasamantala sa kabang-yaman o sa mga diumano'y *mejoras* o proyekto!

Mamulat na po tayo! Maging *wise* sa pagboto! Pakatandaan, na kung hindi man maging mabuti ang mamumuno sa atin – iyan lang ang nararapat sa atin at tayo lang walang iba, ang dapat sisihin. At kung mananatili ang paghihirap natin dahilan sa maling pagpili sa kanila, nararapat lang na pagdusahan at pagtiisan natin! Subalit may panahon pa! Mag-isip po tayo at tingnan ang kakayahan at moralidad ng kandidato.

# Women's month celebration

Ang *quarterly meeting* ng *Regional Inter-Agency Council Against Trafficking* (*RIACAT*) at *Violence Against Women and their Children (VAWC)* ay isinagawa noong Pebrero 26 sa Conference Hall ng DSWD Regional Office V sa Legazpi City na pinangasiwaan ni ARD Evelyn M. Lontok, TAD Chief Corazon B. Mina at Nida M. Macinas ng DSWD, RO5.

Tinalakay sa regular na miting ang pagpaplano sa iba't-ibang aktibidad kaugnay ng *Women's Month Celebration 2010* sa rehiyong Bikol na isasagawa sa pakikipag-ugnayan sa lahat na ahensya ng pamahalaan, LGUs, NGOs at academe.

Pangungunahan ng pamahalaang panlalawigan ng Albay ang panrehiyong selebrasyon sa pamamagitan ng *kick-off activity* sa Marso 1, 2010.

Ito ay tatampukan ng 1-oras na *Sunrise Foot Parade for Women's Right* simula ika-7 hanggang ika-8 ng umaga. Ang mga ahensya at paaralan na lalahok ay magtitipun-tipon sa *Bicol University (BU) Grandstand* simula ika-6 hanggang ika-7 ng umaga. Pinapayuhan din sila na magdala ng kani-kaniyang *agency/ school flag, flaglet* na kulay *lilac*, kartolina na may nakasulat na *slogan on women*, istremer ng kaukulang ahensya at/o mga lobo na kulay *lilac*. Ito ay pangangasiwaan ng *Department of Education (DepEd), Civil Service Commission (CSC)* at Albay *Provincial Council of Women (APCW)*.

Ang naturang parada na pangungunahan ng mga opisyal ng mga pambansang ahensya, pamahalaang lokal at *non-government organizations (NGOs)* na pangkababaehan ay naglalayong maiangat ang antas ng kamalayan ng publiko tungkol sa *Magna Carta of Women*. Dahil dito, magkakaroon ng *media coverage* sa pamamagitan ng *ABS-CBN Legazpi*. Susundan ito ng isang misang pasasalamat ni *Rev. Fr.* Jose Bañares sa Albay *Astrodome* na itataguyod ng *Bicol University*.




Matapos ito, idaraos naman ang *opening program* kung saan magbibigay ng mensahe sina *DSWD Regional Director* Remia T. Tapispisan at *CSC Regional Director* Cecilia R. Nieto, at ang *Creative Presentation on the Magna Carta of Women* ng *Aquinas University of Legazpi Special Program for the Arts (SPA)*. Una rito, magbibigay ng *opening remarks* si Dr. Ramona R. Bustamante-Rañeses, *APCW chair*; at *welcome remarks* mula kay Mrs. Cielo Adelina Sarte-Salceda, *APCW honorary chair*.

Kasunod nitong ganapin ang isang *Women's Forum* na pangangasiwaan ng NCWP Albay, Legazpi City, APWNI at ng Office of the Governor, NCWP, Bicol. Magiging tagapagsalita rito si Hon. Ave Zurbito-Alba, Presiding Judge-MTC Daraga ukol sa *Topic 1: Magna Carta of Women*. Ang *Topic 2: Women Local Executives' Implementation of the Law on Garbage Disposal* ay tatalakayin naman nina Tabaco City Mayor Krizel Lagman Luistro, Ligao City Mayor Linda Gonzales, Libon Mayor Agnes Dycoco at Bacacay Mayor Gloria Berango. Sina Ms. Bonita A. Apin, Ms. Lorna H. Cristobal at Ms. Geraldine B. Rosal naman ang magiging tagapagsalita sa Topic 3: Women's Role in Enhancing Public Awareness on Environmental Concerns.

Tatampukan din

(Sundan sa pahina 5)

PROVINCE OF CAMARINES NORTE OFFICIAL SEAL

BATINGAW
DIARYO NG MASA PARA SA KAUNLARAN

**EDITORIAL BOARD:** Governor Jesus O. Typoco, Jr., chairman; vice chairman: PDIC-PIA; and Purita Pardo-Briñas, member.

**EDITORS:** Purita Pardo-Briñas, executive; Lorena dela Torre-Ibasco, managing & news editor; Melinda L. Jerez, feature; Wilson V. Porcincula, art/design .

**REPORTERS:** Fiscal and Budget Management – Marilyn A. Soltes, head; PTO - Marivic Estacion and Rosita Iligan; Library Services–Jun Moya; Sports – Jose Reniva; Infrastructure - Engr. Eden F. Borja; Planning and Development – Marilyn P. Asis, head; Emmalyn Y. Quiñonez; Agriculture –Helen B. Abordo, head; Health—Milave L. Schneider

**OFFICIAL PHOTOGRAPHER** – Luigi Martin Palado Querubin.

**CIRCULATION** - Marcial Pajares Ferrer

**INFORMATION OFFICER DESIGNATES:** OPAg-Helen B. Abordo, Melinda L. Jerez; PROVET-Samuel O. Villagen; HRMD-Nancy U. Hernandez; EERMD-Gonzalo C. Binay; PSWDO-Cynthia Rodrigueza-dela Cruz, Aileen Camacho; PEO -Geremias Ibana; PPDO-Amelia Mago-Lopez, Dina Gabiaso-Baleza; MASCD-G.O.—Aida B. Pandeagua; GSO-Aicel Gache; PBO-Estela P. Adorna; SP-Josephine Quiñones-Badong; PHO-Marino Abogado; LSD-Dario C. Dime; PAssO-Jeffrey M. Regidor, Nerissa Aguilar-Augusto; PAcctO-Lilian Yanto-Rafon, Maria Theresa N. Jimenez; PSEMO-Arnel Ferrer; Tourism-Melvic Briñas.

Inilimbag ng Pamahalaang Panlalawigan sa pakikipagtulungan ng Provincial Deve-lopment Information Council (PDIC) bawat buwan upang magsiwalat ng kaalamang pangkaunlaran sa mga mamamayan at barangay. Sinusulat at inihanda ng Tanggapan ng Ugnayang Pampamayanan, Kapitol Probinsyal, Daet, Camarines Norte.

Tumatanggap ang pahayagan ng artikulong kontribusyon mula sa mga mambabasa. Hinihiling lamang na ito ay makinilyado ng doble espasyo, hindi susobra sa isang maikling bond paper ang haba at nagtataglay ng tunay na pangalan at tirahan ng may akda, lalo na kung ito ay opinyon. Ang kahili-ngan na huwag nang ilimbag ang pangalan ng may akda ay pagbibigyan ng patnugutan.

Alin mang artikulo ay dadaan sa masusing pagsusuri upang iakma ito sa estilo ng pahayagan at limitadong espasyo nito.

# PALARONG BICOL 2010 DELEGATIONS

1. ALBAY
   *" Albay! Albay! Andito Na! Tabi! Tabi* Kayo *Dyan! Aja! Aja!* Laban*! Laban!"*
   Color: *Gray with Neon Green & Red*
   SDS: *Dr. Alice I. Terrell*
   ASDSs: *Ms. Marilette Almayd, Marilou Samaniegoa*
   ES I MAPEH: *Mrs. Levi Veluya*
   Div. Sports Coord.: *Mr. Danilo Morillo*

2. CAMARINES SUR
   *"Sarabay sa Pag-*uswag*! Sararo sa Pag-asenso! CAMSUR!* CAMSUR! *ANGAT SA IBA!"*
   Color*: White with Green & Gold*
   SDS*: Dr. Emma I. Cornejo*
   ASDSs: *Dr. Eufrecina Sabando, Dr. Norma Samantela, Dr. Crisitito M. Morcilla*
   ES I PESS Coor: *Mr. Ernesto N. Navera*

3. CATANDUANES
   "Sulong Catandungan!"
   *Color: Marine Blue with Golden Yellow*
   *SDS*: *Dr. Artemio Q. Rivera*
   *ASDS*: *Mrs. Socorro V. De la Rosa*
   ES I PESS: *Mr. Miguel Origanola*

4. IRIGA CITY
   "Iriga City, the *Character* City!"
   Color: *White with Tangerine and Black*
   SDS*: Dr. Ruby S. Abundabar*
   ASDS*: r. Zenaida S. Alejo*
   ES I PESS: *Mrs. Amelia I. Sadang*
   Div. Athletic Manager*: Mr. Alex Botor – ES 1*

5. LIGAO CITY
   "Rancada Ligao City!"
   Color: *White with Royal Blue & Golden Yellow*
   SDS: *Dr. Evangeline P. Palencia*
   ES I MAPEH: *Mr. Romeo S. Lindio Jr.*

6. MASBATE PROVINCE
   " Go! Go! Go! Rodeo Masbateño! Go! Go!
   Color: *Maroon with Golden Yellow*
   SDS: *Dr. Gilbert T. Sadsad*
   ASDSS: *Dr.Nene R. Merioles/Dr. Bibiano Sentillas*
   ES I PESS: *Mr. Rufino B. Arellano*

7. MASBATE CITY
   "Aksyon Padayon!"
   Color: *Light Blue with Black and White*
   SDS: *Dr. Cesar H. Medina*
   Div. Music Arts & Sports Coor.: *Mr. Edmundo Atim*

8. SORSOGON CITY
   "Sararo! Sarabay sa Progreso!"
   Color: *Peach and Black*
   SDS: *Dr. Virgilio Real*
   ES I PESS: *Ms. Rosemarie Caguia*

9. SORSOGON PROVINCE
   "Aksyon Sorsogon! The Land of Kasanggayahan!"
   Color: *Green with Gold*
   SDS: *Dr. Marilyn D. Dimaano*
   ASDSs: *Ms. Salvacion Espedido/ Mr. Daniel Despi*
   ES I *PESS*: *Ms. Deni Jerusalem*

10. TABACO CITY
    "Ciudad nin Pagkamoot! Tabak, Tabak, Matarumon! Padyak, Padyak! Makaskason, ZOOMM!"
    Color: *Lavander and White*, *Purple* and *Yellow*
    SDS: *Dr. Cecille Bernardita Rivera*
    *ARD Orfelina Tuy*, OIC
    ES I PESS: *Mr. Nilo Banzuela*

11. LEGASPI CITY
    " Buhayon ta an Legaspi!"
    Color: Royal Blue with Red and White
    Mayor: *Noel Rosal*
    *Geraldine Rosal*-First Lady
    SDS: *Dr. Epifanio Buela*
    ASDS: *Dr. Sene Jadie*
    ES I PESS: *Mr. Eddie Rangel*
    City Sports Coordinator: *Mr. Luis Bello*

12. MASBATE CITY
    " Aksyon Padayon!"
    Color: *Light Blue with Black and White*
    SDS: *Dr. Cesar H. Medina*
    Div. Music Arts & Sports Coor.Mr. Edmundo Atim

13. CAMARINES NORTE
    "Fuerte Camarines Norte! The Land of Gold and Golden Opportunity!"
    Color: *Red with White and Yellow*
    SDS: *Dr. Arnulfo* M. *Balane*
    ASDS: *Dr. Alice* T. *Angeles*
    ES I PESS: *Mr. Conrado A. Rempillo*
    Div. Sports Coordinator: *Mr. Teodoro Ong*

# Women's month...

*(Mula sa pahina 4)*

ang pagdiriwang ng *Women in Health, Entrepreneurship, Beauty and Wellness* na pangungunahan ng *Department of Health (DOH), Technical Education and Skills Development Authority (TESDA), Department of Trade and Industry (DTI), DSWD* at *DepEd*.

Kaugnay nito, ang TESDA at DTI ay magdaraos din sa Albay Astrodome ng isang *skills training services for women* na kabibilangan ng *training/ demonstration sessions on scents and fragrances-making, flower and balloon arrangements*, at *gift wrapping*. Magsasagawa rin ng side activities na *free services* for women sa pamamagitan ng *health and beauty services, haircutting/treatment services and massage* na ipagkakaloob ng Evegate. Ang sangay naman dito ng *DOH* ay magsasagawa ng *medical check-up/consultations* kabilang na ang *breast examination, blood screening, blood pressure monitoring*, at iba pa. Magbibigay naman ng *counseling* at *legal services* ang sangay rito ng *DSWD*. Magkakatuwang din na itataguyod ng DSWD, TESDA at DTI ang *booth displays, exhibits* at tiangge na ilalagay sa Peñaranda Park, Legazpi City simula Marso 1-9, 2010.

Samantala, ang *Symposium on Violence Against Women* gayundin ang *oratorical contest* sa Marso 15 simula ika-10 ng umaga hanggang ika-5 ng hapon ay isasagawa sa People's Hall, Albay, Capitol, Legazpi City. Ito ay pangangasiwaan ng *Philippine Women's Christian Temperance Union, Inc., Immaculate Concepcion College, Bicol College* at *Divine World College of Legazpi*.

Ang naturang 1-buwang selebrasyon ay magtatapos sa pamamagitan ng programang *"An Evening to Remember for the Bicol Women"* na idaraos sa Albay Astrodome simula ika-7 hanggang ika-11 ng gabi na itataguyod ng mga NGOs na pangkababaehan, DSWD, DILG at *Albay Provincial Women's Network, Inc.*

Bilang karagdagan, magsasagawa rin ng mga angkop na aktibidad ang iba't-ibang pamahalaang lokal sa Rehiyong Bikol bilang suporta sa Magna Carta of Women upang maalis ang lahat ng uri ng diskriminasyon laban sa mga kababaehan, kilalanin, protektahan, maibigay at maisulong ang karapatang pantao at pangunahing karapatan at kalayaan ng mga kababaehang Pilipino lalo na ang mga nasa *mar-ginalized sector*. Matatandaan din na ito ay nilagdaan ni Pangulong Gloria Macapagal-Arroyo noong Agosto 14, 2009 bilang pagkilala sa mahalagang papel na ginagampanan ng mga kababaehan sa paghubog ng ating bansa at pantay na karapatan ng mga kababaehan at kalalakihan sa batas at pamayanan. ***LT IBASCO***






# Results in athletics

**100 Meter Dash, Girls, Elementary, FINALISTS**

| Rank | Athlete No. | Athlete | Division | Time |
|---|---|---|---|---|
| 1 | 117 | Ole, Maybel | Camarines Sur | 14.2 sec. |
| 2 | 055 | Ampunan, Jesusa | Camarines Norte | 14.9 sec. |
| 3 | 056 | Baloboy, Josefina | Camarines Norte | 14.9 sec. |

